# PAGPAPAKILALA SA SHARIAH (2 BAHAGI NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang mga aralin ay sumasakop sa mga pangunahin ng Shariah at fiqh na kinakailangan upang maunawaan ang mga gawain ng mga Islamikong panuntunan at regulasyon.

**Kategorya:** Mga Aral › Kagandahan ng Islam › Mahuhusay na Katangian ng Islam

**Ni:** C. Mofty (© 2013 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 12 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin:

·Upang matutunan ang kahulugan ng *fiqh* at kaugnayan nito sa *Shariah*.

·Upang maihambing at maipagkaiba ang *Shariah* at *fiqh*.

·Upang matutunan ang tungkol sa "limang"mga kapasyahan ng *fiqh*.

·Upang maunawaan ang anim na mga yugto ng ebolusyon ng *fiqh*.

·Upang mapahalagahan ang pangkalahatan at natatanging mga kuwalipikasyon ng isang Muslim na hurista (*faqih*).

·Upang matutunan ang tungkol sa pangunahing mga luklukan ng pag-aaral sa daigdig ng Muslim.

·Upang matutunan ang tungkol sa pangunahing mga konseho ng *fiqh* sa Kanluran.

Mga Terminolohiyang Arabik:

·*Faqih* (pangmaramihan *fuqaha*) – huristang (mga hurista) Muslim.

·*Fiqh* - Islamikong palabatasan.

·*Hadith* - (pangmaramihan – *ahadith*) ay isang bahagi ng impormasyon o isang kuwento. Sa Islam ito ay isang talaan ng salaysay ng mga sawikain at mga gawain ni Propeta Muhammad.

·*Haram* - Ipinagbabawal.

·*Makruh* - kinamumuhian.

·*Maslahah mursalah* – pampublikong interes.

·*Mubah* - pinahihintulot.

·*Mustahab* - iminumungkahi.

·*Qiyas* – pagwawangis.

·*Shariah* - Islamikong Batas.

·*Sunnah* - Ang salitang *Sunnah* ay may ilang mga kahulugan sang-ayon sa larangan ng pag-aaral gayunpaman ang kahulugan na pangkalahatang tinatanggap ay, anumang iniulat na ang Propeta ay sinabi, ginawa, o pinayagan.

·*Wajib* - ubligado.



Ang *Shariah* ay ang pinagtibay na mga panuntunang isinabatas ni Allah sa Qur'an, *Sunnah*, at iba pang mga pinagmumulan na nagsangay mula sa mga ito.

*Fiqh* (Islamikong palabatasan), sa kabilang dako, ay tinutukoy bilang kaalaman ng praktikal na mga panuntunan ng *Shariah* na hango sa detalyadong katibayan sa mga pinagmumulan.[1]

Samakatuwid, ang *Shariah* ay isang layunin, ang *fiqh* ay ang landas. Ang *Fiqh* ay nakapaloob sa mga pinasadyang mga aklat at mga ensiklopedya. Ito ay isang pagtitipon ng mga panuntunan at mga regulasyon.

Ang *Fiqh* kinabibilangan ng praktikal na relihiyosong mga bagay na kilala sa Islam. Ang mga ito ay binubuo ng mga panuntunang ipinahayag sa isang malinaw na teksto. Ang dalawang halimbawa ay maaaring ang tungkuling magdasal ng limang pang-araw-araw na pagdarasal at pagbabawal ng alkohol. Ang mga ito ay tiyak at malinaw. Ang *Fiqh* ay kinabibilangan din ng maraming praktikal na mga detalye ng relihiyosong mga bagay na mga ipinapalagay. Ang pagdurugo ay nagpapawalang-bisa ba sa paghuhugas? Sa paghuhugas, kinakailangan bang punasan ang buong ulo o bahagi lamang nito? Ang mga sagot sa mga ganitong detalyadong tanong ay matatagpuan sa mga aklat ng *fiqh*.

## Ano ang Kaugnayan sa Pagitan ng *Shariah* at *Fiqh*?[2]

1. **Ang *Shariah* ay ang totoong mga panuntunang ipinahayag ni Allah.** Walang salungatan o pagtatalunan sa pagitan ng mga ito. Ito ay may kasang-ayunan sa lahat ng mga Muslim. At para sa *fiqh*, ito ay hinango ng mga iskolar ng Islam na kilala bilang *fuqaha* (mga hurista) mula sa mga teksto ng *Shariah* o iba pang mga pamamaraan tulad ng *qiyas* at *maslahah mursalah*. Ang mga nahinuhang panuntunang ito ay maaari o maaaring hindi sumang-ayon sa *Shariah*. Sa madaling salita, kapag ang isang iskolar ay tama sa kanyang pag-unawa, ang *Shariah* at *fiqh* ay nasa pagkakasundo. Kapag ang isang iskolar ay nakagawa ng pagkakamali, ang *Shariah* at *fiqh* ay naghihiwalay. Ang *Shariah* ay hindi umiiral sa kahit isang pagkukulang. Ito ay matatagpuan sa loob ng *fiqh*.[3]

2. **Ang *Shariah* ay ganap, ang *fiqh* ay hindi.** Ang *Shariah* ay halos pangkalahatang mga alituntunin at mga sawikain mula sa kung saan ang patnubay para sa lahat ng aspeto ng ating pang-araw-araw na buhay ay nahinuha. Ang *Fiqh*, sa kabilang dako, ay ang opinyon ng mga iskolar sa maraming pagkakataon. Para sa pinaka-bahagi ang *Shariah* ay nagbibigay ng mga patnubay na kung saan ay ipinapaliwanag sa *fiqh*.

3. Ang *Shariah* ay pangkalahatan at patungkol sa lahat ng mga tao hindi katulad ng *fiqh*.

4. **Ang *Shariah* ay ang umiiral na sinang-ayunan habang ang mga bahagi ng *fiqh* ay hindi kinasang-ayunan.** Ang *Fiqh* ay nagbibigay ng makatuturang mga sagot sa magkakapanabay na lipunan para sa isang tiyak na lugar. Ang *Shariah* ay malaya sa oras at lugar. Ang *Shariah* ay karaniwang nagbibigay ng pangkalahatang mga direktiba samantalang ang detalyadong mga solusyon sa partikular at wala pang kaparis na mga usapin ang binubuo sa *fiqh*.

5. **Ang *Shariah* ay sakdal habang ang *fiqh* ay hindi.** Ang *Shariah* ay hindi nagtataglay ng mga pagkakamali bilang ito ay itinuturing na banal na kapahayagan, subalit ang *fiqh* ay maaaring minsan ay mali dahil ito ay isang pantaong pagpupunyagi at isang bunga ng pangangatuwiran.

# Mga Panuntunan ng *Fiqh*

Ang mga panuntunan ng *fiqh* ay inuri sa isang pagtimbang ng limang kahalagahan:

1. *Wajib* (ubligado): kung ano ang kinakailangan sa isang Muslim, tulad ng limang pang-araw-araw na pagdarasal.

2. *Mustahab* (iminumungkahi): kung ano ang hinihikayat na gawin ng isang Muslim, tulad ng pag-aayuno sa araw ng Lunes at Huwebes.

3. *Mubah* (pinahihintulutan): kung ano ang natitira sa isang Muslim upang gawin o iwanan, tulad ng pagpili ng ilang pagkain o inumin.

4. *Makruh* (kinamumuhian): kung ano ang higit na mainam na iwanan para sa isang Muslim, tulad ng pagdarasal habang ang pagkain ay nakahain.

5. *Haram* (ipinagbabawal): kung ano ang ipinagbawal sa mga Muslim, tulad ng pangangalunya at pagnanakaw.

# Ang mga Yugto ng Ebolusyon ng *Fiqh*

Ang *Fiqh* ay nabuo sa paglipas ng nagdaang mga panahon sa iba't ibang mga heograpikal na mga lugar sa daigdig ng Muslim. Ang ebolusyon nitong higit na tumagal ng 1400 na taon ay maaaring maiuri sa anim na yugto:

1. Saligan: panahon ni Propetang Muhammad, nawa'y si Allah ay purihin siya, 609 - 632 CE.

2. Pagtatatag: panahon ng mga Matuwid na mga Kalipa, 632 - 661 CE.

3. Pagtatayo: panahon ng dinastiyang Umayyad, 661 CE - ika-8 siglo.

4. Pamumulaklak: panahon ng pagtaas at pagbaba ng dinastiyang Abbasid, ika-8 siglo - kalagitnaan ng ika-10 siglo.

5. Pagpapatatag: mula sa pagbaba ng dinastiyang Abbasid hanggang sa pagpatay sa huling Abbasid na Kalipa, 960 CE - kalagitnaan ng ika-13 siglo.

6. Pagpapahinga at Pagbaba: mula sa pagkakatulog ng Baghdad hanggang sa kasalukuyan, 1258 CE na ngayon.

## Mga Kwalipikasyon ng isang *Faqih* (Huristang Muslim)

Ang tatlong pangunahing mga kwalipikasyon ng isang Islamikong iskolar na siyang nagpakadalubhasa sa *fiqh* ay ang mga:

1. Kaalaman ng Islam mula sa mga pinagmumulan nito: Qur'an, *Sunnah*, napagkasunduan, at huristikong pagwawangis (*qiyas*).

2. Ang pag-unawa sa umiiral na mga pangyayari sa lipunan upang makayanan ang mga magkakapanabay na usapin ng maayos.

3. Kabanalan at mabuting layunin.

Higit na katangi-tangi, ang isang dalubhasang iskolar sa *fiqh* (faqih) ay may kaalaman sa:

·Wikang arabe at mga siyensiya nito.

·mga talata ng pagbabatas sa Qur'an at ang paliwanag nito.

·pagbabatas ng *ahadith* at ang interpretasyon nito.

· maaaring makilala sa kaibahan ng mapananaligan at mahinang mga ahadith.

·nalalaman kung anong mga talata at mga *ahadith* ang napawalang bisa at alin ang nananatiling gumagana.

·maaaring makilala ang pagitan ng pangkalahatan at ang natatangi, ang hindi ipinagbabawal at ang ipinagbabawal, ang iba't ibang antas ng kalinawan ng mga salita.

·nalalaman ang mga opinyon ng mga iskolar sa mga usapin, kung saan sila nagkatalo at kung saan sila sumang-ayon.

·nalalaman kung paano ang *qiyas* ay nagawa.

·nauunawaan kung papaano ibukod ang mga nagkakatalong mga katibayan.

·nauunawaan ang layunin ng *Shariah* at iba't ibang prayoridad nito.

## Mga Pangunahing Luklukan o Paaralan sa Daigdig ng Muslim

Ang mga pangunahing institusyon ng pag-aaral sa daigdig ng Muslim ay ang *Al-Azhar University* sa Ehipto, *Zaituna University* sa Tunisia, *Imam Muhammad ibn Saud University* sa Saudi Arabia, *Umm Darman University* sa Sudan, *Islamic University of Madina* sa Saudi Arabia, at *Dar ul Uloom Deoband* sa India. Maraming Muslim na mga iskolar ay alinman sa sinanay doon, o kaanib sa institusyon o naimpluwensyahan ng mga sentrong ito.

## Mga Pangunahing Sanggunian ng *Fiqh* sa Kanluran

Mayroong ilang mga pangunahing Islamikong sanggunian ng *fiqh* na binubuo ng mga kilalang Muslim na mga iskolar mula sa buong mundo. Ang pinaka tanyag sa kanila ay nasa Meka, Jeddah, Cairo at India. Ang tatlong pangunahing sanggunian ng *fiqh* para sa mga Muslim na naninirahan sa Kanluran ay ang *Assembly of Muslim Jurists of America, European Council for Fatwa and Research, at Fiqh Council Of North America.*

---

Mga Talababa:

[1] *Al-Madkhal ila al-Shariah wa Fiqh al-Islami* ni Dr. Umar al-Ashqar, p.36

[2] *Al-Madkhal ila al-Shariah wa Fiqh al-Islami* ni Dr. Umar al-Ashqar, p.42-43

[3] *Madkhal li-Dirasa al-Shariah al-Islamiyya* ni Yusuf al-Qaradawi, p. 22

[4] *The Evolution of Fiqh* ni Dr. Bilal Philips p. 17-18.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/205/pagpapakilala-sa-shariah-2-bahagi-ng-2

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.